
# Balitang Manmin

BILANG 198 MARSO 4, 2018

## Huminto ang Pag-ulan ng Yelo sa Huainan, China Dahil sa Panalangin!




Noong simula ng Enero 2018, lumampas sa lugar at panahon ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, pinahinto nito ang malakas na pag-ulan ng yelo sa Huainan, China.

Ibinalita ng National Meteorological Center ng China na tatamaan ng matinding pag-ulan ng yelo ang Huainan na nasa probinsya ng Anhui sa ibabang bahagi ng Ilog ng Yangzi ngayong taglamig mula ika-8:00 ng umaga ng Enero 4 hanggang ika-8:00 ng umaga ng Enero 5. Paglabas ng anunsyo, apat agad ang namatay at umabot sa halagang 1.15 milyong dolyar ang pinsala.

Maraming miyembro ang Manmin na sa Huainan naninirahan, nagtatanim sila ng mga gulay sa mga 'greenhouses.' Noong umaga ng Enero 4, mga 2sm yelo ang bumagsak sa lugar. Kung nagpatuloy ito, masisira ang mga pananim nila. Ito ang dahilan kung bakit nagpadala sila ng hiling na panalangin kay Dr. Lee.

Noong ika-6:15 ng gabi, Enero 4, habang nasa Korea, idinalangin sila ni Dr. Lee. Pagkatapos ng panalangin, humina na ang pag-ulan ng yelo, hanggang sa tumila ito ng mga bandang ika-7:00 ng gabi. Sinabi sa balita na magpapatuloy hanggang ika-8:00 ng umaga ng Enero 5 ang pag-ulan, pero nagbago ito, naging hanggang ika-6:00 ng gabi ng Enero 4 na lang (ika-7:00 ng gabi sa Korea).

Sinabi ng mga miyembro na malakas ang pag-ulan ng yelo, pero huminto ito pagdating ng ika-7:00 ng gabi (oras ng Korea). Wala pa itong isang oras pagkatapos ng panalangin ni Dr. Lee. Bukod dito, hindi nasira ang mga 'greenhouses' nila, at naprotektahan ang mga sasakyan nila kahit maraming aksidente ang naiulat sa lugar (litrato sa kanan).




## Ipinakita sa New Delhi World Book Fair 2018 ang mga Libro ni Dr. Jaerock Lee

Mula Enero 6-14, 2018, ipinakita sa New Delhi World Book Fair ang mga libro ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Ginawa ang okasyon sa Pragati Maidan, sa Delhi, India. Isa ito sa pinakamalaking book fair sa Asya. Sa taong ito, mahigit-kumulang 800 limbagan ng libro ang sumali, mula pa sa 35 mga bansa, at 1.2 milyong tao ang pumunta at bumisita para tingnan ang sari-saring librong itinaghal.

Bilang katuwang ng Urim Books, nailimbag at naipakalat ng MSS ang mga libro ni Dr. Lee sa buong mundo. Sa pwesto nito sa nasabing book fair, ipinakita ng Delhi Manmin Church (Pastor John Kim) ang mga edisyon sa wikang Hindi ng mga librong: *Ang Mensahe ng Krus, Hell,* at *Buhay Ko, Pananalig Ko.* Naroon din ang mga edisyon sa wikang Ingles ng *Heaven* at *Espiritu, Kaluluwa, at Katawan.* Maraming naging interesado sa mga librong ito.

Bukod dito, naglathala din sila ng bagong programang Hindi na tutulong sa mga gustong mabasa ang mga libro ni Dr. Lee sa digital media, mga video para sa SNS o mga nanonood sa YouTube, at nagbabasa ng *Balitang Manmin.* Nagustuhan ng mga pumunta sa okasyon ang video na nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ni Dr. Lee.



◆

Sa taunang book fair na ginaganap, dumarami ang mga taong dumaranas ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng mga narinig nilang patotoo tungkol sa paggaling mula sa mga karamdaman at kahinaan dahil sa panalangin ni Dr. Lee at sa ebanghelyo ng kabanalan.

Nagdusa sa malalang rayuma si Kapatid Satya Prakash Sharma, 53 taong gulang. Hindi siya makapaglakad ng maayos. Pero binigyan siya ng isang CD na nagpapakita ng mga kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ni Dr. Lee ng anak niyang babae na pumunta sa book fair. Habang pinapanood niya ito, gumaling ang rayuma niya. Paralisado ang ibabang bahagi ng katawan ng asawa niya, pero nakaramdam ito at nakapaglakad na.





Matagal ng naghahanap ng lunas si Kapatid Adarsh Warman, 25 taong gulang, nasa kaliwa sa litrato, para sa pinsan niyang si Rinku, 22 taong gulang. Sa pagsusuri, sinabing magkakaroon ito ng permanenteng kapansanan dahil sa cerebral palsy. Pumunta siya sa book fair, nalaman niya dito ang tungkol kay Dr. Lee.

Isinama niya ang pinsan niya sa Delhi Manmin Church. Pagkatapos tanggapin ang panalangin sa iglesya, sa unang pagkakataon, nakapaglakad ang pinsan niya.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Ministeryo ng Banal na Espiritu

"Ngunit ang mga ito ay ipinahayag sa amin ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu; sapagkat sinisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, maging ang malalalim na mga bagay ng Diyos" (1 Mga Taga-Corinto 2:10).

Habang ginagawa Niya ang tungkulin Niya dito sa mundo, sinabi ni Jesus sa Juan 16:7, "Gayunma'y sinasabi Ko sa inyo ang katotohanan. Makabubuti sa inyo na Ako'y umalis, sapagkat kung hindi Ako aalis, ang Mang-aaliw ay hindi darating sa inyo. Ngunit kung Ako'y aalis, Siya'y susuguin Ko sa inyo." Ginawa ni Jesus ang tungkulin ng isang Lingkod sa pagmiministeryo Niya dito sa lupa, at sinabi Niya dito na may darating na isang Mang-aaliw na magtutuloy ng tungkulin Niya kapag Siya ay umalis.

Ang orihinal na ministeryo ni Jesus ay buksan ang daan para makalaya ang sangkatauhan mula sa kasalanan, at maging ligtas na mga anak sila ng Diyos. Pero kahit binuksan na Niya ang daan, hindi ito nangangahulugang natupad na ang perpektong kaligtasan ng sangkatauhan. Ito ang dahilan kung bakit nagbigay ang Diyos ng isang Mang-aaliw (Juan 14:17). Siya ay ang Banal na Espiritu, sinasaliksik Niya ang lahat ng bagay. Pag-aralan natin kung paano Niya tinutulungan ang mga mananampalataya.

### 1. Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu, ang Mang-aaliw, na matanto ang kabanalan.

Ipinadala ng Diyos si Jesus dito sa mundo para lutasin ang problema ng sangkatauhan sa kasalanan. Ipinako si Jesus sa krus, dumanak ang lahat ng tubig at dugo mula sa katawan Niya, at namatay. Pero dahil wala Siyang kasalanan, muli Siyang nabuhay, tinalo Niya ang kamatayan at tinapos Niya ang ministeryo ng pagliligtas. Siya ang unang bunga ng muling pagkabuhay, at nakaupo Siya sa kanang tabi ng trono ng Diyos.

Sinuman ang magtiwala kay Jesu-Cristo at tumanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas ay patatawarin sa kanilang mga kasalanan, tatanggapin nila ang Banal na Espiritu bilang handog. Sa puntong ito, napapawalang sala sila dahil sa mahalagang dugo ni Jesu-Cristo. Dapat na silang magsulong ng buhay na banal, at para magawa nila ito, kailangan nila ang tulong ng Banal na Espiritu. Ang ibig sabihin ng banal na buhay ay 'lumalaban at iwinawaksi ang mga kasalanan hanggang sa dumanak ang dugo at isinusulong ang buhay na ito ayon sa salita ng Diyos.'

Itinuturo ng Banal na Espiritu sa mga anak ng Diyos ang katotohanan, itinatanim Niya ito sa isipan nila, at ginagabayan Niya ang mga ito patungo sa katotohanan para makapagsulong sila ng buhay na banal (Juan 14:26; 16:13). Kaya dapat turuan ng mga iglesya at mga pastor na ginagabayan ng Banal na Espiritu kung paano iwawaksi ang kasalanan at kung paano mabubuhay sa kabanalan.

Ito ang dahilan kung bakit pinapangalagaan ng Diyos ang sangkatauhan hanggang isuko Niya ang bugtong na Anak Niya. Nais Niya na hindi lang kayo mga ligtas na anak ng Diyos kundi maging tunay na mga anak Niya na tumutulad sa Kanya.

### 2. Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu na mapagtanto na may paghuhukom na magaganap.

Sa 33 taon Niya dito sa mundo, nagministeryo si Jesus dito sa mundo sa loob ng 3 taon. Pero ang ministeryo ng Banal na Espiritu ay tatagal hanggang matapos ang pangangalaga ng sangkatauhan. Hindi Siya humihinto sa pagpapahayag ng tungkol sa pangalawang pagdating ng Panginoon at ng tungkol sa Paghuhukom (Mateo 12:18).

Pero sa kasalukuyan, laganap na ang kasamaan sa mundo, nabahiran na din ng kasamaan ang konsiyensya ng mga tao. Kahit mga mananampalataya kay Cristo ay manhind na sa Paghuhukom. Katulad ng mga makamundo ang buhay nila.

Pero nakalulungkot na maraming nag-aakala na kapag tinanggap at nagtiwala sila sa Panginoon nilang Tagapagligtas ay ligtas na sila kahit anuman ang mangyari. Hindi nila alam kung paano hahatulan ang mga tao sa huling araw, kung ano ang saligan ng Paghuhukom, at kung ano ang hantungan ng Paghuhukom na ito. Alam lang nilang ligtas sila dahil akala nila sapat na basta maniwala.

May sinasabi si Jesus tungkol sa mga taong tulad nito sa Mateo 7:21, "Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin 'Panginoon, Panginoon', ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumanap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit." Matutulungan tayong gawin ang kalooban ng Diyos kapag pinakinggan natin ang tinig ng Banal na Espiritu. Hayaan natin Siyang pumatnubay sa atin.

Kapag sinunod natin ang pagkilos ng Banal na Espiritu, hindi na natin aalalahanin kung ano ang dapat at hindi dapat sabihin o gawin, kung anong nararapat sabihin na bagay sa bawat sitwasyon, at kung paano tayo kikilos. Magiging natural sa atin na magsalita at gumawa ng katotohanan ayon sa tulong ng Banal na Espiritu. Papatnubayan ng Banal na Espiritu ang mga anak ng Diyos para tumanggap sila ng mga papuri, karangalan, at kaluwalhatihan sa harap ng trono ng Diyos sa Araw ng Paghuhukom.

Kung susundin ninyo ang paggabay ng Banal na Espiritu, hindi kayo hahatulan para sa nakakatakot na mga parusa kundi para sa mga dakilang gantimpala. Hinihikayat ko kayong sumunod sa Banal na Espiritu bawat araw at magpumilit na makarating sa mas mabuting tirahan sa Langit para tumayo kayo sa harapan ng Malaking Tronong Puti ng Paghuhukom.

### 3. Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu na maintindihan ang kalooban ng Diyos Ama.

Lubos na magbabago ang buhay natin kapag maiintindihan natin ang kalooban ng Diyos na lumikha at nangangalaga sa atin dito sa mundo. Kaya lagi tayong tinutulungan ng Banal na Espiritu para maintindihan ang kalooban ng Diyos (1 Mga Taga-Corinto 2:10; Mga Taga-Roma 5:5). Tinutulungnan Niya tayo na matanto kung gaano kalalim ang pag-ibig ng Diyos, kung gaano kalaki ang habag Niya, at kung gaano katagal na ang paghihintay Niya at kung gaano ang pagtitiis Niya.

Sa ating iglesya, patuloy na itinuturo nang detalyado ang tungkol sa espirituwal na kaharian, na parang pwede na ninyo itong mahawakan ng inyong mga kamay at makita ng inyong mga mata. Ipinapahayag ang mundong espirituwal dito sa mundo para madama ng mga miyembro ng iglesya ang Diyos na hindi nakikita.

Ipinapakita din ng iglesya ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng napakaraming kapangyarihan. Patuloy ang pagpapaliwanag tungkol sa kalooban at pinagmulan ng Diyos. Nakakatulong ito sa mga miyembro na magkaroon ng pananampalataya tulad ng mga ama na nakakikilala sa Diyos Ama mula pa noong simula. Nakasulat ito sa 1 Juan 2:14. Pero kung hindi ipinaalam sa inyo ng Banal na Espiritu ang mga bagay na ito, hindi magkakaroon ng ganitong bunga.

Sa Juan 17:8, sinabi ni Jesus sa Diyos, "Sapagkat ang mga salitang ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila, at kanilang tinanggap, at totoong nalaman na Ako ay nagmula sa Iyo, at naniwala silang Ikaw ang nasugo sa Akin."

Tulad ni Jesus, ipinadala din ng Diyos ang Banal na Espiritu, ang salita ng Diyos na ibinigay sa Kanya ang itinuturo Niya. Ito ang dahilan kung bakit naiintindihan natin ang pinagmulan at kalooban ng Diyos. Bukod dito, namamagitan para sa atin ang Banal na Espiritu ayon sa kalooban ng Diyos para maging lubos ang pagbabago natin at maging mga tunay na anak tayo ng Diyos (Mga Taga-Roma 8:27).

Kung ibabalik natin ang anyo ng Diyos sa tulong ng Banal na Espiritu, pwedeng matularan ang Diyos ng sinuman sa atin, at maging mga tunay na anak Niya tayo.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung tatanggapin ninyo si Jesu-Cristo na nagbukas ng daan patungo sa kaligtasan para sa lahat ng tao sa pamamagitan ng pagmamahal at pagkamatay sa krus, magsisi kayo sa mga kasalanan ninyo, tanggapin ninyo ang kapatawaran. Tatanggapin din ninyo ang Banal na Espiritu bilang handog at magkakaroon kayo ng karapatan para maging mga anak ng Diyos.

Ang mga anak ng Diyos na naging banal sa tulong at kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay pwedeng mangaral ng ebanghelyo sa mga aba at magpalaya sa mga bihag ng kasalanan dito sa mundo. Nakakapagpagaling sila ng mga taong nagdurusa sa lahat ng klaseng karamdaman at kahinaan. Nakakaya nilang iproklama ang daan ng kaligtasan sa mga taong patungo sa kamatayan at nahihirapan sa pagpasan ng kasalanan (Lucas 4:18-19). Kaya, pwede nilang ipahayag ang pagpapala ng Panginoon at kaluwalhatian ng Diyos sa buong mundo. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na lahat nawa kayo ay makibahagi sa pinagpalang ministeryong ito at ganap na balutin ang buong mundo ng maalab na kapangyarihan ng Banal na Espiritu bago magwakas ang mundong ito.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Panalanging Kinalulugdan ng Diyos

**Una sa lahat, para maging espirituwal na mandirigma na tumutupad ng kalooban ng Diyos bago magwakas ang panahon, manalangin tayo ng buong puso. Kailangan ito dahil ito ang pagmumulan ng kapangyarihan para pakilusin ang hukbong makalangit at mga anghel, wasakin ang kapangyarihan ng masasamang espiritu na namamahala ng himpapawid, at gibain ang kampo ng kadiliman kasama ng ating pagpapabanal. Suriin natin ang panalangin natin ayon sa tatlong aspetong ito:**

## Kapag nananalangin kayo, gaano kalaki ang nadadama ninyong pag-ibig sa Diyos at sa Panginoon?

Una sa lahat, ang panalangin ay dapat inihahandog sa Diyos at Panginoon ng may pusong puno ng pag-ibig.

Noong malapit ng malipul ang mga Judio, lumapit si Reyna Esther sa Hari ng Imperyo ng Persia, sinabi niya, "At kung ako'y mamamatay, ako ay mamamatay," at nanalangin siya at nag-ayuno. Sa huli, tinanggap niya ang kasagutan sa panalangin niya.

Nanalangin din si Daniel, hindi niya hiniling na maging kumportable ang buhay niya kundi para matupad ang kalooban ng Diyos. Nagsisi siya para sa kasalanan ng mga kababayan niya. Tinanggap ng Diyos ang panalangin niyang may pagmamahal, sinagot Niya ito sa pamamagitan ni anghel Gabriel (Daniel 9). Dapat may pag-ibig din ang panalangin ninyo gaya nito.

◆

Kapag nananalangin kayo para sa kaharian ng Diyos, mas magiging masigasig ang pananalangin ninyo kung batid at nadarama ninyo ang kalooban Niya na nagnanais na maligtas ang lahat at matanto ang katotohanan (1 Kay Timoteo 2:4).

Kapag nabalitaan ninyo na maraming namatay sa malalaking aksidente o mga kalamidad ng kalikasan, malulungkot kayo, hahangarin ninyo na ligtas sana ang mga kaluluwa ng mga tao doon. Kung nananalangin ang isang taong maysakit para sa ibang taong nagdurusa sa mga karamdaman at hindi lang para sa sarili niya, mas mabilis sasagutin ang panalangin niya at pagagalingin din siya. Ito ay sapagkat hinahaplos ang puso ng Diyos ng mga panalanging may pag-ibig, mahahabag Siya sa atin at sasagot Siya.

Kung totoong minamahal ninyo ang Diyos, ang pastol at ang mga kaluluwa, pwede kayong manalangin na may inspirasyong mula sa Banal na Espiritu. Makakapanalangin kayo ng panalanging hahaplos sa puso ng Diyos, may pagluha Niya, may puso ng Panginoon, at ng pastol. Sa panalanging tulad nito, nagsisilbing tulay ang pag-ibig sa mabilis na mga kasagutan.

## Gaano katotoo ang panalangin ninyo para sa kaharian ng Diyos?

Ang kahulugan ng pagiging totoo o tapat ay hindi nagbabago, ginagawa ang pinakamahusay nang may katapatan at katotohanan. Maalab at halos maiyak ang panalangin ng ibang tao kapag pinagpapala sila. Pero kapag lumipas ang panahon at nabawasan na ang kasiyahan nila, manhid na ang puso nila, paulit-ulit na lang ang sinasabi nila sa panalangin.

Huwag ninyong ulit-ulitin ang mga tema ng panalangin, parang salita na lang ito o nakaugalian na lang. Dapat kayong magkaroon ng masigasig na hangarin na tuparin ang kalooban ng Diyos at manalangin na may tapat at totoong damdamin. Kung tapat ang pananalangin, kapag idinadalangin ninyo ang isang okasyon na gagawin ng iglesya, ipapaalala sa inyo ng Banal na Espiritu ang mga dapat idalangin, bibigyan Niya kayo ng inspirasyon para maging detalyado ang panalangin ninyo. Idadalangin ninyo ang mga mamamahala ng okasyon, ang lagay ng panahon, mga gastusin, at ang mga dadalo para tumanggap sila ng pagpapala at luwalhatiin ang Diyos.

◆

Kung tapat ang puso ninyo habang nananalangin, maidadalangin ninyo kahit ang maliliit na detalye, bibigyan kayo ng inspirasyon ng Banal na Espiritu, hindi paulit-ulit ang sinasabi ninyo. Makakapanalangin kayo nang may pananampalataya at pagmamahal na nagmumula sa kaibuturan ng mga puso ninyo. Kapag idinalangin ninyo ang kaharian ng Diyos, at inisip ang makabubuti sa ibang tao, hindi lang sa sarili ninyo, tatanggapin ng Diyos ng malugod ang panalangin ninyo.

Sa simula ng panalangin, may mga nananalangin para sa kaharian ng Diyos, pero, sa bandang kalagitnaan, sarili na nila ang kanilang idinadalangin. Ito ay sapagkat naaalala nila ang mga personal na bagay tulad ng mga miyembro ng kanilang pamilya na maysakit, at mga biyayang hinihiling nila. May mga dumadaing at umiiyak para sa mga hinihiling na kasagutan, pero kapag ang kaharian ng Diyos ang idinadalangin, hindi maalab ang pananalangin nila.

Sinasabi ng Mateo 6:33, "Ngunit hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo." Ito ang paraan para tumanggap ng mga kasagutan. Kung uunahin ninyo ang kaharian ng Diyos at ang katuwiran Niya, lahat ng idinadalangin ninyo ay tatanggapin ninyo. Mas mabilis din ang paglago ng buhay ninyo bilang Cristiano dahil nalulugod sa inyo ang Diyos.

## Gaano kabuti ang puso ninyo kapag nananalangin kayo?

Sinasabi ng Mga Awit 66:18, "Kung iniingatan ko ang kasamaan sa aking puso, ang PANGINOON ay hindi makikinig." Kapag hindi malinis ang puso ninyo, hindi pakikinggan ng Diyos ang panalangin ninyo. Walang kayong tatanggaping kasagutan. At mas malala pa, kung gagawa kayo ng masama, hindi kayo sasagutin.

Ayon sa Malakias 1:10, "O mayroon sana sa inyong magsara ng mga pinto, upang hindi kayo makapagpaningas ng apoy sa Aking dambana nang walang kabuluhan! Hindi Ko kayo kinalulugdan, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at hindi Ako tatanggap ng handog mula sa inyong kamay." Dumaing ang Diyos at nagbabala sa mga tao tungkol sa mga sakripisyong inihahandog ng mga ito nang walang takot sa kabanalan Niya.

Ang takot sa Diyos ay pagkamuhi sa kasamaan (Mga Kawikaan 8:13), kung may takot kayo sa Diyos, tatanggalin ninyo sa buhay ninyo ang lahat ng klase ng kasamaan (1 Mga Tesalonica 5:22). Kaya hindi dapat magkasala ang mga taong may tunay na takot sa Diyos, hindi sila mag-iisip ng masama.

◆

Hindi tatanggapin ng Diyos ang panalangin ninyo kung sinasabi ninyong may takot kayo sa Kanya pero hindi kayo kumportable o hindi kayo mapalagay kapag hindi nangyayari ang gusto ninyo, o kung naiinggit o nagseselos kayo sa ibang tao, o kung naiinis kayo sa isang taong kumokontra sa gusto ninyo kaya nakikipagtalo at galit kayo sa kanya.

Tatanggapin ng Diyos ang panalangin ng bagong mananampalataya dahil tinitingnan Niya ang antas ng pananampalataya ng tao. Pero kung may pananampalataya kayo, tanggalin ninyo ang kasamaan sa puso ninyo, maghandog kayo ng mabangong samyo ng kabutihan ng Diyos na Siya mismo ay pag-ibig at kabutihan.

Kaya bilang mga espirituwal na mandirigma na magdadala ng maraming kaluluwa sa kaligtasan at magpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos, magpakabanal kayo at maghandog ng panalangin nang may pag-ibig, katapatan, at kabutihan. Bukod dito, kapag tinanggap ninyo ang kalakasan para maghandog ng makapangyarihan at maalab na panalangin na humahaplos sa tronong nasa langit, magiging mga makapangyarihang manggagawa kayo.



# "Naging malinaw ang paningin ko dahil sa kapangyarihan ng Diyos!"

Diakono Sungyoon Lee, 49 taong gulang, Parokya 12, Manmin Central Church

Noong nasa high school ako, binugbog ako ng isang estudyante na mas matanda kaysa sa akin. Namaga ang kaliwang mata ko, hindi ko maimulat. Pagkalipas ng ilang araw, nawala na ang pamamaga, pero, lumabo ang paningin nito. Noong 18 taong gulang ako, mas lalo pang lumabo ang paningin ko sa matang ito, sa edad na 25 taong gulang, nagsuot na ako ng salamin dahil hindi ko mabasa ang mga karatula sa daan kapag nagmamaneho ako. Hindi nagtagal, lumabo na rin ang kanang mata ko. Sa loob ng 25 taon, hindi na ako makakita kapag walang suot na salamin.

Pagkatapos kong magrehistro bilang miyembro ng Manmin, nakita ko ang napakaraming taong muling luminaw ang mga mata. Noong taong 2014, gustung-gusto kong maibalik ang linaw ng mga mata ko. Noong taong 2015, sinabi ng Punong Pastor sa isang sermon na maraming mabibiyayaan ng malinaw na paningin. Hinikayat niya kaming maging handa. Nanalangin ako at naghangad, nagboluntaryo akong tumulong sa paghahanda para sa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Habang nasa retreat, tinanggap ko ang mga panalangin niya ng may sagot na "Amen."

Hindi bumuti ang paningin ko habang nasa retreat. Pero hindi ako nawalan ng pag-asa. Sa halip, nagkaroon ako ng maalab na paghahangad na magbigay ng lugod sa Diyos. Hindi ako huminto sa pagpapasalamat sa Diyos at nanatiling umaasa na gagaling pa rin. Nagboboluntaryo ako sa bawat retreat sa loob ng tatlong taon. Mas naging masipag ako sa trabaho dahil lagi akong may inaasikaso sa labas ng opisina. Kapag umuulan at bumabagsak ang yelo, natatakpan ang salamin ko, lumalabo ang paningin ko. Naging masigasig ako.

Noong Disyembre 2017, malapit ng dumating ang espesyal na Pasko. Ito ang araw kung kailan matatapos ang pitong-taong pagpuno ng Punong Pastor ng sukatan ng katarungan para sa amin. Masayang-masaya ako! Noong Disyembre 17, inabangan ko ang Punong Pastor para batiin siya. Sinabi sa akin ng asawa ko na lumuluha ang mga mata ko. Pinunasan ko ito ng tisyu, at nabigla ako, hindi ko mapigilan ang pagtulo ng luha.

Pagkatapos kong kamayan ang Punong Pastor, dumalo ako sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga. Medyo malabo ang screen, pero hindi ko masyadong pinansin ito. Sa Pagsamba sa Linggo ng Gabi, mas naging malabo pa ang paningin ko, walang tigil pa rin ang pagluha ng mga mata ko. Naisip ko, 'Kabibili ko lang ng salamin na ito, kailangan ko na namang palitan? Magpapasuri na naman ako ng mga mata?' Hinubad ko ito para punasan ang mga luha ko. Pero nabigla ako!

Napakalinaw ng screen, nababasa ko ang nakasulat. 'Ha? Anong nangyari sa akin?' Tiningnan ko ang paligid ko, sinuot at hinubad ko ng ilang beses ang salamin ko. Totoong malinaw kong nakikita ang screen kahit wala akong salamin. Luminaw ang paningin ko nang makipag-kamay ako sa Punong Pastor!

Pumunta ako sa ospital para ipasuri ang mga mata ko. Nagpasuri na ako noon, dalawang buwan na ang nakaraan, at ang resulta ay 0.2/0.2. pero sa pagsusuring ginawa ngayon, ito ay 0.9/0.9! Sinabi ko, "Aba! Bumuti ang paningin ko!" Nang marinig ito ng doktor, sinabi niya, "Hindi, lumala ito. Hindi na ito bubuti." Hindi siya naniwala sa akin.

Pero, malakas ang loob kong sabihin na bumuti ang paningin ko dahil sa kapangyariha ng Diyos na Pinakamakapangyarihan! Noong araw ng pagpapagaling, nawala ang matinis na tunog sa mga tainga ko na pinagdusahan ko sa loob ng ilang buwan. Nagpapasalamat ako sa Diyos ng pag-ibig at kapangyarihan. Niluluwalhati ko Siya!

# "Umaapaw ang mga biyaya sa lugar ng trabaho ko!"

Diakonesa Irena, 39 taong gulang, Parokya sa Ibang Bansa, Manmin Central Church

Cristiano ang pamilyang kinabibilangan ko, at lumaki akong nakakikilala sa Panginoon, nagpapasalamat ako sa lola ko. Noong panahon ng Hapon, lumipat siya sa Sakhalin kasama ang pamilya niya. Kahit ipinagbabawal sa Russia ang Cristianismo noong panahong iyon, nagdadaos siya ng mga pagsamba sa tahanan niya kasama ang ilang mga pamilya. Kapag nagbubukas ang espirituwal na mga mata niya, nagkukwento siya tungkol sa langit. Minsan, sinabi niya, naghahandog ng magagandang papuri ang mga anghel sa harapan ng trono ng Diyos.

Sinabi niya, ang pinakagusto niyang gawin ay bumalik sa South Korea dahil magkakaroon ng makapangyarihang pastor dito at dadalhin nito ang mga tao patungo sa kaligtasan. Noong taong 1998, natupad ang gusto niya, bumalik ang pamilya namin sa Korea at nagsimula ng malayang buhay bilang mga mananampalataya.

Samantala, isinama ng isang kakilala ang tatay ko sa Manmin Central Church. Noong taong 2009, nagsimula na rin akong magsimba. Nang makita ko ang mga tanda, himala, at pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos, nakumbinsi ako na ang Punong Pastor ang tinutukoy ng lola ko. Magmula taong 2012, tinulungan ko ang Pastor ko sa parokya sa pagsasalin sa wikang Ruso noong bumisita siya sa lugar na Ruso ang wika. Masayang-masaya akong maglingkod para sa kaharian ng Diyos. Pinili ko ang trabaho na hindi magiging problema ang pagtulong ko sa pastor kahit may ibang trabahong mas mabuti kaysa dito. Kaya dinala ako ng Diyos sa mas mabuting lugar ng trabaho.

◆

Noong taong 2013, napanaginipan ko ang Punong Pastor. Magiliw niyang sinabi sa akin na mahusay ang paglilingkod ko, tinanong pa niya kung kumain na ako at kinumusta niya ang trabaho ko. Nakakamangha! Hindi nagtagal, kinuha ako sa isang ospital sa Seoul na gusto ko noon pa. Nagsimula akong magtrabaho bilang tagapamahalang tagasalin para sa mga pasyenteng Ruso ang wika. Higit pa sa doble ang sweldo ko sa isang buong taon. Dahil sa trabaho ko, mas naging mahusay pa ako sa pagsasalin, naging malawak ang kalooban ko. Isang araw, napanaginipan ko ulit ang Punong Pastor. Tinawag niyang isa-isa ang mga miyembro ng maliit na grupo na Ruso ang wika. Hiniling niya sa akin na alagaan ko ang mga ito. Pagkatapos, ibinigay sa akin ang tungkulin bilang lider ng isang grupo na Ruso ang wika sa isang parokya sa ibang bansa. Nagsasalin din ako sa wikang Ruso ng Pagsamba sa Linggo ng Gabi.

Noong Mayo 2017, sumama ako sa isang biyahe para sa isang kumperensya ng World Christian Doctors Network. Nang tanggapin namin ang panalangin ng Punong Pastor bago bumiyahe, idinalangin niya ang bawat detalye na ni hindi ko naisip. Pagbalik namin sa Seoul, binigyan ako ng mas mataas na posisyon sa trabaho, mula sa pagiging coordinator, naging punong tagapamahala ako ng sangay para sa buong mundo. Ako ang nangangasiwa sa lahat ng tagapamahala ng pagsasalin maliban na lang ang sangay sa wikang Ingles. Nabigyan din ako ng lisensya na mahirap kunin, at tumaas ang sweldo ko.



Noong Oktubre 2017, sumama ako sa kumperensya ng WCDN na ginawa sa Russia bilang tagasalin.Tumanggap ako ng malaking pagpapala mula sa mga doktor at mga propesyunal na nagpapatunay ng mga pagpapagaling ng Diyos,batay sa mga impormasyong medikal. Pinasasalamatan at niluluwalhati ko ang Diyos na nagbibigay ng biyaya sa espiritu at katawan ko.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714